# Room 202

**Chuckberry Pascual**

"GUSTO MO RIN, HA!"

Itinutok ni Mano ang baril sa mukha ng lalaking sumisigaw. Umalingawngaw ang putok, at parang bulaklak na bumuka ang mukha ng lalaki. Bulaklak na tocino, kung meron mang gano'n. Nadiligan ng dugo ang suot nitong puting kamiseta, tumilapon patalikod ang katawan, at saka sumadsad sa semento na parang manikang initsa. Lalong lumakas ang hiyawan ng mga tao. May mga nagtutulakan, nag-uunahang makita kung ano ang sinapit ng lalaki, mayroon ding mga pumulas—iyong mga nagmamatapang kaninang mag-usyoso, nakikidawdaw, pero takot pala sa tilamsik ng dugo—at mayroon ding mga nanatiling nakapako sa kinatatayuan.

Inilapit ko ang motorsiklo sa tabi ni Mano, itinaas ang visor ng suot na helmet saka suminghal, "Tama na 'yan. Tapos na tayo rito."

Parang walang narinig si Mano. Nakaharap pa rin ito sa mga tao. Lalo pa yatang nasilihan, dahil hinubad ang helmet. "O ano, mga putanginan'yo? Sinong tinakot n'yo sa CCTV n'yo, ha? Mga gago!" Tinutukan nito ng baril ang isang lalaking nasa harapan ng kumpol ng usiserong nakatayo malapit sa poste. "Ano, ikaw? Matapang ka, ha? Matapang ka?"

Nanlaki ang mga mata ng lalaki. Nagtangka itong pumunta sa likuran ng poste, pero hindi nagtagumpay na makasiksik sa katawan ng iba pang miron. Nakipag-unahan na rin kasi ang ibang magtago sa likuran ng poste.

Inulit ko ang pagsaway. "Mano, putangina. Pangalawa mo na 'yan, a. Tama na 'yan."

"Putanginamo rin, Santi."

"Sumosobra na kayo!" Boses ng matandang babae.

Naalala ko sandali ang principal namin noong elementarya, si Miss Pacana. Matandang dalaga, mabagsik. Bukambibig nito ang "Sumosobra na kayo!" kapag nagagalit, para bang may sapat na sukat ang pag-uugali o kilos ng tao. Kaya kahit kanina ko pa gustong dagukan si Mano—o barilin na lang din, konti na lang, nang matapos na ang pag-iinarte nito—napigilan ako, dahil napangiti sa hitsura ng matandang babae: para rin itong si Miss Pacana, maliit, mabilog, maigsi ang kulot na buhok. Nakadaster nga lang, at mukhang nasa gitna ng pagluluto kaya sumugod sa labas ng bahay at may hawak na kutsilyo. Muntik na akong matawa nang mahawi ang mga tao, may mga nagtulakan pa sa takot na mahiwa. Wala ni isang umawat sa matanda. Mga duwag. Buti pa ang matandang ito.

"Umalis kayo rito!" sigaw ni Mano, sabay talikod sa matanda.

"Kayo ang umalis! Sumosobra na kayo!" sigaw ng matanda. Tumigil ito nang ilang hakbang mula sa puwesto namin. Palipat-lipat ang tingin nito sa aming dalawa.

"Pauwiin n'yo nga 'to!" utos ni Mano sa mga tao.

Tanginamo, tinubuan ka na naman ng konsensiya, gusto ko sanang sabihin.

Walang kumilos sa mga tao. Panay lang ang anasan. Mga putanginang duwag.

Tinanguan ko ang matanda. "Tapang mo, 'nay."

Nanginig ang mga pisngi ng matandang babae, at saka sumugod sa nakatalikod na si Mano. Hinayaan ko lang. Sumalubong ang kutsilyo sa maong na jacket, pero agad ding nahulog sa kalsada dahil mahina ang unday ng matanda. Humarap si Mano. Napaurong ang matanda, muntik nang mapatimbuwang. Dinapuan na rin ng takot. Dinampot ni Mano ang kutsilyo, saka nilapitan ang matanda. Hinawakan niya ito sa leeg, saka sinaksak sa tiyan. Lusot agad. Hinasa siguro ng matanda bago magluto. Naglalamira na sa dugo ang kamay at braso, pero ayaw pang tumigil ni Mano. Kinalabit ng lansa ang ilong ko. Gusto pa yatang magluto ng giniling sa gitna ng kalsada ni gago.

May mga nahindik, may mga nagalit, may mga nagsisigaw. Pero walang makalapit. Rumoronda ang nguso ng baril ko sa mga taong nakapaligid. Kung talagang may gustong umawat sa kanila, kanina pa nila ginawa. Ano ba sa tingin nila ang gagawin ni Mano? Puta, bumaril na nga ng hindi dapat barilin, e.

Pinaangil ko ang motorsiklo. "Mano, putangina! Kapag di ka pa tumigil, ikaw na isusunod ko!"

***

Nasa harapan ng klase si Miss Galvan, ang class adviser namin, nanginginig ang boses habang nagsasalita.

Maraming salamat sa inyo, class. Natutuwa ako na kahit paano, sa maikling panahon, nagkaroon ako ng pagkakataon na turuan kayo. At ang totoo, tinuruan n'yo rin ako.

Lumingon ako sa kanan, at nakita ko si Mary Grace. Sisinghot-singhot. May sipon ka ba, itatanong ko sana. Pero natahimik ako nang makita si Cynthia, ang babaeng nakaupo sa harapan ni Mary Grace. Sumisinghot na rin. Umiiyak pa. Maganda sana 'tong si Cynthia kaso sobrang ngalngalin. Noong isang araw lang, umatungal ito na parang baka dahil natapon ang bagong biling softdrink.

Basta magpapakabait kayong lahat, ha? Maging mabait kayo sa papalit sa akin, patuloy ng class adviser namin.

Nilingon ko ang iba pang kaklase. Halos lahat, nagsisinghutan. 'Yung iba naman, taas-baba ang mga dibdib, panay ang buntonghininga, sabay namumula ang mukha. Napakamot ako ng ulo. Ano 'to? Mawawala lang si Miss Galvan, nauso na bigla ang pag-iyak? O lahat sila, may sipon?

Huwag n'yong kakalimutan si teacher, ha?

Maliit na ang boses ni Miss Galvan. Basa na rin ng luha ang mga pisngi nito, at may gumagapang pang uhog sa ibabaw ng labi. Panay ang kagat nito sa labi, parang nagpipigil matae.

Pumasok sa isip ko ang hitsura ng class adviser namin na nakaupo sa inidoro habang nagkakandalukot ang mukha sa iri. Natawa ako nang mahina. Wala namang nakapansin. May concert na kasi ng singhutan sa buong klase. Mayroon pang pumapalahaw, parang pinagpapalo ng tambo sa binti. Nang hanapin ko ang pinagmumulan, nakita ko ang bardagol na si Jonathan, nakasubsob sa pader. Si Jonathan ang nakatabig kay Cynthia noong isang linggo. Takbo nang takbo sa corridor, ayun, nadagil si iyakin. Ngayon, nakikipagkompetensiya ng hagulgol. Ano ba ang nangyayari?

Nagtaas ako ng kamay.

Yes, Santi?

Nakangiti si Miss Galvan, mukhang tibe ang inilalabas.

Mamamatay na po ba kayo?

***

Kalahati ng mukha niya ang nahuhugasan ng liwanag na tumatakas sa dingding na salamin ng 7-Eleven at kalahati ang nilalamon ng dilim. Matangkad, kutis kamagong, matangos ang ilong, may balbas. Saan kaya ’to nadampot ni Bruno? May kontak palang mukhang tao si gago.

Pinaangil ko ang motorsiklo at tinaas-baba ang visor ng suot na helmet. Pasimple siyang lumingon, saka naglakad patungo sa akin habang isinusuot ang baon niyang helmet. Umusog ako paharap, para makapuwesto siya ng angkas.

Habang binabagtas namin ang daan, mahigpit ang yakap niya sa katawan ko. Hinayaan ko lang. Mabango naman. Amoy Arabo.

“Katabi ng Andok’s, Andok’s, Andok’s,” bulong ko sa hangin.

“Ano?”

“Ah, wala. Inuulit ko lang ’yung landmark para di ko makalimutan,” sabi ko.

“Mano,” sabi niya.

“Santi. Saan mo nakilala si Bruno?”

Walang sagot.

Lumiko kami sa isang makipot na kalye. Sinubukan ko ulit. “First time?”

Ilang sandali ang lumipas bago siya sumagot. “Hindi.”

Sinungaling. Pero okay lang. Hinayaan ko lang.

***

“Tangina, close!” sabi ni Bruno pagkatapos bumuga ng usok.

“Gago, ’yon ang pakilala niya,” sagot ko. “Pakialam ko ba kung Manuel o Mano o kung ano pangalan ng hindot na ’yon.”

Inilapag ni Bruno ang sigarilyo sa ashtray at dinampot ang cellphone. “Kumusta ba?”

“May daga pa, pero marunong. Turuan ko muna.” Hindi lang daga, umatungal pa pagkatapos. Dinala ko na lang sa Lovelies. Tumahan naman.

“Ge, ayan. Tinext ko. 7-Eleven kayo ulit next week.”

Tumango lang ako, saka tinungga ang bote ng beer.

“Hinay lang, pre. Mahal ka rin no’n.”

“Ulul.”

Dinampot ulit ni Bruno ang sigarilyo. Humithit. “Ngayon ka lang nag-request, a.” Bumuga.

Nahilam ako nang bahagya sa usok, pero hindi nagpahalata. Tinungga ko ulit ang bote ng beer. Lampas kalahati pa ang laman, pero inubos ko na.

“Mukhang nagalingan ka, a.” Nakangisi si Bruno.

Idinabog ko ang bote ng beer sa mesa. "Tanginamo." Saka ako tumayo at lumabas ng beerhouse. Masyadong matalas ang pang-amoy ng gagong 'to.

***

"Kailan mo nalaman?" Nakaupo si Mano sa kama, hubo't hubad. Nasa harapan niya ang tray ng in-order naming pagkain.

"Hindi ko maalala," sagot ko habang nagsusuot ng brief. "Ano, wala ka talagang balak magbihis bago kumain? Kapag 'yang bulbol mo humalo sa bihon—"

"Magbibihis ako kapag sinagot mo 'yung tanong ko," sagot niya, sabay halukipkip.

"Ano bang problema mo?"

"Gusto ko lang marinig ulit. Matagal na rin tayong mag-partner, a."

"Hoy, Mano. Partner tayo sa trabaho. Nagkataon lang, ikaw ang kinokontak ni Bruno na makasama ko. Anong pinagsasabi mo diyan?"

"Kaya nga! Partner tayo."

"Bahala ka." Kung ibang tao ang kaharap ko, kanina ko pa sinapak. Pero kasalanan ko rin. Noong umpisa, gusto ko lang patahanin. Nalibugan tuloy ako. Tapos, umiyak ulit. E di nalibugan ako ulit. Tangina.

"Ano na?"

Huminga ako nang malalim. "Nu'ng unang trabaho natin."

"Sa 7-Eleven?"

"Alam mo naman pala, e."

"Anong naisip mo sa akin?"

"Guwapo."

"'Yun lang?"

"Ano pa ba gusto mo? Dinala kita dito pagkatapos. Okay na po, ser?"

Ngumiti si Mano, saka tumayo para magsuot ng brief, at umupo ulit sa kama.

Umupo ako sa tabi niya, at sinimulang maglagay ng bihon sa plato.

"May sasabihin lang ako, Santi."

Sumubo ako, saka tumango. "Mm?"

"I love you."

"Okay talaga luto nila dito, ano?" sabi ko, puno ng pancit ang bibig. "Kain ka na."

***

AKO NA DAPAT ang susunod sa swing, pero nagpilit si Jonathan. Sige na raw, malapit na raw kasing magalit ang yaya niya.

Sige.

Kaso, ang bigat ni Jonathan. Hirap na hirap akong itulak. Saka panay ang sigaw.

Sige pa, lakasan mo pa! Lakasan mo pa! Gusto ko 'yung parang lumilipad ako!

Tatlong beses ko pa siyang itinulak.

Waaah! Sige pa, Santi! Sige pa!

Ang sakit sa tainga ng bunganga. Noong sunod na balik ng swing, sinipa ko nga sa likod. Pero dahil mabigat siya at mabilis ang swing, tumilapon ako at kumaldag ang ulo sa semento.

Ilang sandali akong nahiga sa semento. Pagkatapos, dahan-dahan akong umupo. Mahapdi ang mga siko ko sa gasgas, kumikirot ang ulo. Kinapa ko ang likuran, malapit sa batok. May umbok. Masakit.

May lumapit na teacher. Hindi ko kilala.

Ayan, look what happened to you now! Bad kasi 'yon! O, say sorry to him! Say sorry!

Nag-angat ako ng tingin. Katabi ng teacher si Jonathan, dumudugo ang bibig. Buti nga sa iyo, sa loob-loob ko. Hindi ako sumagot. Tiningnan ko lang si Jonathan. Ano kaya ang sasabihin sa kanya ng yaya niya ngayon?

Wala pa ring tigil ang teacher. Ibinaling ko ang atensiyon sa kanya. Panay ang surot sa akin. Ang haba ng mga kuko. Paano kaya 'to nangungulangot?

Say sorry! Say sorry! Dali, dali! Say sorry!

Hinawakan niya ako sa siko, saka hinila patayo. Lalong humapdi ang mga gasgas sa siko, lalong kumirot ang bukol ko. May naramdaman akong mainit na singaw sa mata.

Nagpagpag ako ng sarili saka nagsalita. Sorry, Jonathan. Sorry, teacher.

Okay, I accept that. Sige, very good ka na. Let's go to the clinic.

Inakay ng teacher si Jonathan. Hinawakan rin ako ng teacher, pero pumalag ako palayo.

If that's what you want, bahala ka. Bastos.

Noong nakatalikod na silang dalawa, bumuwelo ako, saka sumugod na parang toro. Napaigik ako nang mauntog sa likuran ng teacher. Napangiti ako nang makitang nasubsob siya sa semento.

***

Nakabihis na si Mano, pero ayaw pa ring tuminag sa pagkakaupo sa gilid ng kama. Namumula na ang mga mata niya sa pag-iyak.

"Mano. Halika na," yaya ko. Gusto kong sipain ang sarili. Sasabihin ko na talaga kay Bruno. Totoo na 'to, magpapalit na ako ng partner. Ayoko na ng pabigat.

"Sagutin mo muna ako."

"Putangina, ano ba kasi ang gusto mo sa akin?" Nagtaas na ako ng boses.

"Putanginamo rin! Sagutin mo ako! Bakit dinadala mo ako rito nang paulit-ulit?" Gumanti na rin ng sigaw si Mano. "Hindi ko na kaya!"

Wala nang pupuntahan ito. "Mamaya na 'yan. Halika na." Dinampot ko ang susi at naglakad palabas ng kuwarto. Huwag kang sumama kung ayaw mo, gago. Para matabunan ang inis, inulit-ulit ko sa isip ang palatandaan: asul na gate, asul na gate, asul na gate.

***

Nakabihis pa rin si Mano, pero ayaw pa ring tuminag sa pagkakaupo sa gilid ng kama. Namumula na ang mga mata nito sa pag-iyak.

"Mano. Tama na 'yan," sabi ko. Gusto kong sipain ang sarili. Bakit ako tinitigasan, puro uhog na nga mukha nito? Saan ba kasi ito nadampot ni Bruno? Tangina, sabi ko na nga ba, hindi dapat puwede ang guwapo sa ganitong trabaho, e. Buti na lang, puwedeng magpalit ng partner. Ayoko ng gulo.

"Sagutin mo muna ako."

"Putangina, bakit ka sumali dito kung wala ka palang bayag? Anong klase ka? Mag-opisina ka na lang, punyeta!" Nagtaas na ako ng boses.

"Putanginamo rin! Sagutin mo ako! Paano ka nakakatulog kung ganito ang trabaho mo?" Gumanti na rin ng sigaw si Mano. "Hindi ko na kaya!"

Wala nang pupuntahan ito. "Mamaya na 'yan. Halika muna rito." Hinawakan ko siya sa baba, hinarap sa akin, at nilusob ng halik. Gusto mo rin 'to, gago.

***

Pauwi na ako noon. Naiinis na hindi malaman. Iniisip ko kasi ang sinabi ni Mr. Ferrer, ang teacher namin sa Social Science. Kesyo masama raw ang ugali ko. Nag-recite kasi ako pagkatapos niyang mag-drama sa klase. Na kesyo kawawa naman ang Pilipinas, dahil lagi tayong biktima. Kahit sa simula pa lang daw, talo na tayo. Sinakop ng Kastila, ibinenta sa mga Amerikano, binaboy ng mga Hapon, ninakawan ng mga Marcos, pinaasa ni Cory.

Ang sabi ko lang naman, may napanood ako sa TV. Dokumentaryo tungkol sa dagat. Tapos nakita ko doon na 'yung maliliit na isda, ang dami-dami nila, pero parang wala silang utak. Kapag kasi nagma-migrate sila, hinahabol sila ng iba pang hayop para kainin. Andiyang gaguhin sila ng mga dolphin, ginugulo ang paglangoy

nila, para mas madali silang mahuli. ’Yung mga naliligaw sa bandang itaas ng tubig, dinadagit ng mga heron. Tapos ’yung mga matirang buhay, suwerte na lang kung wala silang masalubong na balyena o pating, dahil lalamunin din sila ng mga ito. Kawawa sila, wala talagang pupuntahan. So, ang sabi ko, ser, baka ipinanganak tayo para maging maliliit na isda. Baka ’yung Amerika, ’yun ang balyena, ’yung dolphin ’yun ang mga Kastila, at ’yung pating ang Hapon, kasi singkit ang mga hayop na ’yon.

Nakakalungkot naman ang pananaw na iyan, sabi ni Mr. Ferrer.

Hindi ko alam ang isasagot, kaya tiningnan ko lang siya. Siya naman ang teacher, di ba? Nag-recite lang ako.

Tumikhim si Mr. Ferrer bago muling nagsalita.

Ang maganda naman—kung susundan ko ’yang analogy mo, Santi—marami pa rin tayo. Hindi tayo mauubos! Kahit gaano pa karaming balyena ang nariyan, mas marami pa rin ang maliliit na isda. At kapag nagsama-sama ang bilang ng maliliit, kapag lumaban sila, kaya nilang patumbahin ang kalaban, kahit gaano pa ito kalaki!

Pumalakpak ang mga kaklase ko. Nag-iba na naman kasi ang boses ni Mr. Ferrer, parang tumutula na hindi malaman. At kapag ganoon na ang boses niya, alam na naming may mahalaga siyang sinasabi.

Pero hindi talaga ako mapakali, kaya nagtaas pa rin ako ng kamay.

Ser, may nakita na ba kayong balyenang pinatay ng mga dilis?

Sumabog sa tawanan ang klase. At ’yun nga, sinabi ni Mr. Ferrer na masama ang ugali ko. Tanginang ’yon.

***

Residential area, may maliit na grocery sa bukana. Bahay na may asul na gate, no. 35. Dalawang kanto ang layo sa barangay hall. Alas-kuwatro ng hapon. Hindi pa naman rush hour, pero uwian na ng mga bata. Maraming traysikel. May mangilan-ngilang kotse. Kung noong isang taon niya ibinigay ang assignment na ito, baka tinanggihan ko si Bruno. Pero dahil uso na ngayon ang trabaho namin, tinanggap ko na. Marami na ring kakompetensiya, lalo na at hindi maubos-ubos ang puwedeng iturong adik. Ang bansag nga ni Bruno sa trabaho namin, “population control.” Nakuha daw niya sa mga pulis. Dahil sila mismo, kompetensiya na namin ngayon. Mga pulis rin ang madalas na kontak ni Bruno, pero mga pulis na tamad o masyado nang mataas ang posisyon. Ayaw marumihan ang kamay. Kaya kami na lang.

Hindi ko na mabilang kung pang-ilang assignment ito na kasama si Mano. Hindi ko alam kung patibong lang ito ni Bruno—maniningil din si gago sa kung anong paraan sa hinaharap—pero hinahayaan ko lang.

Mahigpit pa rin ang yakap ni Mano habang tumatakbo kami. Sasabihin ko sana, tanginamo, sasama ka rin pala, aarte-arte ka pa. Huwag kang mag-alala, yayariin kita ulit mamaya, tangina ka. ’Yun naman ang gusto mo, di ba? Iiyak ka sa pagsisisi, tapos iiyak ka sa sarap? Alam ko na likaw ng bituka mo, tsong. Pero dahil ayoko nang magkalat pa, wala na akong sinabi. Tama na ’yung sa Lovelies kanina. Saka ang totoo, tinitigasan lang ako. Kaya hinayaan ko muna. Asul na gate, asul na gate, asul na gate.

Mabilis lang sana ang trabaho: nasa labas lang ang target, hindi na kailangang abangan. Isa o dalawang putok lang, sabay alis. Halos wala ring tao sa buong kalsada, maliban sa nadaanan naming mga estudyanteng naglalakad. Ayos na ayos. Kaso, wala pa rin pala sa hulog si Mano.

Nagmenor ako nang matanaw ang bahay na may asul na gate na may lalaking nakatayo sa harapan, nagdidilig ng mga halaman. Hinigit ni Mano ang suot kong jacket.

“Itigil mo.”

“Daanan na lang natin,” sagot ko. “Mabilis lang ’yan.”

“Itigil mo,” giit ni Mano.

“Ako na lang ang gagawa kung ayaw mo—” Natigilan ako nang maramdaman ang nguso ng baril sa kanang tagiliran. “Tangina naman—”

“Tanginamo rin. Itigil mo.”

Pagsapit namin sa harapan ng asul na gate, itinigil ko ang motorsiklo. Bumaba si Mano, nakatutok na agad ang baril sa lalaki. Lumingon ang lalaki, nandilat ang mga mata, itinutop ang dibdib, saka humandusay sa kalsada. Inatake yata sa puso. Lumapit si Mano sa nakahigang lalaki, at binaril ito sa dibdib.

Tapos na dapat ang trabaho. Pero kinalabit pa ulit ni Mano ang gatilyo, isa, dalawa, tatlong beses. Butas-butas na ang dibdib, sabog pa ang ulo ng lalaki.

Tangina.

May lumabas na babae sa asul na gate. Asawa siguro ng lalaki. “Diyos ko! Rudy! Anong nangyari?” Napatingin ito kay Mano, napaatras, at bumalik sa bahay.

Nag-umpisa nang maglabasan ang mga tao. Pinaangil ko ang motorsiklo. Kailangan na naming umeskapo. “Mano!”

Lumingon lang sa akin si Mano, tumingin din sa mga taong unti-unti nang dumarami. Pero nanatili siyang nakatayo sa gilid ng bangkay.

Ano bang nangyayari dito sa tarantadong ito? Nilakasan ko ang boses. “Hoy! Halika na!”

Nagtutungayaw na ang mga tao. “Tanginanyo!” “Mga mamamatay tao! Mga hayup kayo!” Pero sa lahat ng ito, nangibabaw ang isang boses: “May CCTV kami dito! Mahuhuli rin kayo, mga putanginanyo!”

Hinanap ko ang may-ari ng boses: isang lalaking nakasuot ng puting kamiseta, at nakatayo sa gate ng bahay na katabi ng no. 35. Nanggagalaiti ang lalaki, at kahit ilang metro ang layo, napansin ko ang mga litid nito sa leeg.

Tatawagin ko sana ulit si Mano—baka totoo ngang may CCTV—pero huli na, naglalakad na siya papunta sa lalaking nakaputi, nakaunat paharap ang kanang kamay na may hawak na baril.

***

Ma, pareho lang pala ang utak ng baka at utak ng tao, 'no? Medyo durog lang 'yung hinahalo sa lugaw, pero halos ganu'n din ang hitsura.

Kauuwi ko lang noon galing sa eskuwela. Nasa kusina kami ng nanay ko. Palubog na ang araw pero nagtitimpla siya ng kape. Naghahanap naman ako ng mamemeryenda sa ref. Malapit na kaming maghapunan, pero gusto ko muna ng matamis.

Muntik nang mabitiwan ng nanay ko ang thermos.

Ha? Ano na naman 'yang pinagsasasabi mo?

Nakita ko kasi kanina, may nasagasaan. Tumawid kasi 'yung babae kahit hindi na pula ang ilaw ng stoplight. Ayun, nahagip siya ng truck.

Diyos ko. Anong ginawa mo?

Wala. Ano naman ang gagawin ko? May mga pulis naman.

Umingos lang ang nanay ko, saka hinalo-halo ng kutsarita ang kape niya.

Inilabas ko ang tirang chocolate cake kahapon. Umupo ako sa tabi ng nanay ko. Tahimik kaming nagkape at kumain ng chocolate cake. Sasabihin ko pa sana na naalala ko ang mga panahong buhay pa ang tatay ko. Madalas kaming dumayo sa lugawan ni Ogo sa kabilang bayan. Lugaw na may utak ng baka ang order ko madalas. Kapag tinatamaan ng sawa, Soup Number Five. Tinutukso pa ako ng tatay ko, bakit daw mahilig ako sa bayag. Nalalansahan raw siya sa bayag ng baka. Tumatawa lang ako. Masarap, e.

Pero sinarili ko na lang, baka kasi kung ano na naman ang sabihin ng nanay ko. Mula kasi nang mabiyuda, mahipan lang ng hangin, umaagas na ang luha niya. Itinuloy ko na lang ang pagkain ng chocolate cake habang nagpaplanong dumayo sa lugawan ni Ogo kinabukasan.

***

Nakabihis pa rin si Mano, pero ayaw pa ring tuminag sa pagkakaupo sa gilid ng kama. Namumula na ang mga mata nito sa pag-iyak.

Kanina pa kami nakabalik sa Lovelies Motel. Madali kasi kaming nakatakas. Pagkatapos saksakin ni Mano ang matandang babae, kukuyugin na sana kami ng mga tao. Pero bago pa sila makalapit, binaril ko ang semento sa harapan ng mga susugod. Nagpulasan din sila agad, parang mga isdang hinagisan ng dinamita. Mga walang kuwenta talaga. Natauhan na rin sa wakas si Mano, at umangkas na. Pinaharurot ko agad ang motorsiklo.

Pagdating sa Lovelies, nagsimula nang umiyak si Mano. Nasa lobby na kami, umiiyak pa rin. Tiningnan kami ng guwardiya—paanong hindi, tigmak ng dugo ang harapan ng jacket ni Mano, nalagyan din malamang ang likuran ng jacket ko. Wala naman siyang sinabi. Subukan niya lang.

Mas magalang ang receptionist sa front desk. Siguradong amoy niya ang lansa ng dugo at dinig ang mga singhot ni Mano, pero tinanggap lang niya ang bayad, iniabot sa akin ang susi, nang hindi nag-aangat ng ulo kahit isang beses.

'Yan ang dahilan kung bakit dapat may suki, gusto ko sanang sabihin kay Mano noong naglalakad na kami sa pasilyo patungo sa kuwarto. Pinigilan ko na lang ang sarili, dahil taingang kulangot naman ang kasama ko. Naiwan yata sa harapan ng asul ng gate ang kahihiyan. Kahit nu'ng may nakasalubong kaming dalawang lalaking parehong namumula ang mga mata—Ano kayang tinira ng mga ito?—sige lang sa iyak si gago. Napatingin nga sa amin iyong isang adik, iyong balbas-sarado, sumisinghot-singhot, parang asong gutom na hindi malaman. Pakitaan ko nga ng baril. Karipas siya, e.

"Mano. Tama na 'yan," sabi ko. "Ako na ang magpapaliwanag kay Bruno. Ang protocol lang pag ganyang makalat, lie low. 'Yun lang. Mas gusto pa nga nila minsan 'yan, 'yung maraming katawan. Para mas mahirap malaman ang motibo. May ipon ka naman, di ba?"

"May pamilya rin sila, di ba?" tanong ni Mano. Humihikbi-hikbi pa ito, parang batang pinagtulungan ng mga kalaro.

Sisinghalan ko sana: oo, at hindi ka nila kadugo, kaya di ka dapat ngumangawa diyan. Papatay ka ng tao, tapos iiyak ka. Wala ka talagang bayag! Pero nilulon ko na lang ang mga salita. Ibinunton ko na lang ang inis sa pag-order ng pagkain. Dinampot ko ang telepono at um-order sa front desk ng crispy pata, isang buong manok, dalawang lomi, at dalawang 1.5 na softdrink.

***

Nasa Lovelies kami, at nanonood ng snuff film sa cellphone. Nakuha ko lang sa internet, may kung sinong nagpasa sa akin. Video raw ng pinapatay. Ang isip ko

noong una, parang action film lang naman siguro. O horror. Pero iba ang isang ito. Totoo. May nakasabit na sanggol sa kisame, nakatali ang mga kamay at paa. Walang suot na kahit ano. Nakabuyangyang ang ari sa camera.

"Ano ba 'yan! Kawawa naman ang bata!" sabi ni Carlo.

Naaartehan ako dito kay Carlo, pero hinahayaan ko lang. Mas matapang naman ito kay Mano. Noong unang beses kong makita sa 7-Eleven, napailing na lang ako. Nananadya yata si Bruno, binigyan ako ulit ng alam niyang bibigay.

"Santi, punyeta. Patayin mo na 'yan," sabi ni Carlo.

May lumapit na lalaki sa baby. May hawak na espada. Parang samurai. Itinutok nito ang samurai sa ari ng batang babae.

Tiningnan ko si Carlo. Panay ang mura niya sa akin, pero hindi maalis-alis ang mata sa video.

"Kunwari ka pa."